## MGA KAGAT AT ANG IYONG ALAGANG HAYOP

**Kapag may nakagat ang iyong alagang hayop:**

1. Iulat ang kagat sa inyong lokal na departamento ng kalusugan o tanggapan ng proteksiyon sa hayop. Kung ang iyong alagang hayop ay aso, pusa, o ferret, malamang na hihilingin sa iyo na ikulong ang hayop at bantayan ito nang mabuti sa loob ng 10 araw.
2. Sabihan ang taong nakagat na hugasan nang mabuti ang kaniyang sugat at magpatingin agad sa doktor.
3. Kumonsulta sa iyong beterinaryo para tiyakin kung updated ang bakuna ng iyong alagang hayop.
4. Huwag hayaang gumala ang iyong alagang hayop sa iyong bakuran at huwag ipamigay ang iyong hayop. Dapat available ito para maobserbahan ng lokal na awtoridad.
5. Huwag patayin ('i-euthanize') ang iyong alagang hayop maliban kung inutusan ka ng mga awtoridad sa pampublikong kalusugan.
6. Pagkatapos ng inirerekomendang panahon ng pagmamasid, pabakunahan ang iyong alagang hayop laban sa rabies kung wala pa itong kasalukuyang bakuna laban sa rabies.

**Kung sa tingin mo ay nalantad sa rabies ang iyong alagang hayop:**

1. **Sundin ang mga tagubilin** sa seksiyong "Kung Ikaw ay Nakagat" ng brochure na ito para sa paghuli o pagtukoy sa hayop na maaaring nakahawa sa iyong alaga.
2. **Makipag-ugnayan sa inyong lokal na departamento ng kalusugan** o tanggapan ng proteksiyon sa hayop para sa karagdagang tagubilin.
3. **Tawagan ang iyong beterinaryo** para sa payo tungkol sa pangangalaga ng sugat at para suriin ang bakuna ng iyong alagang hayop.

**PUWEDENG MAHAWAHAN NG RABIES** ANG MGA ALAGANG HAYOP DAHIL SA PAKIKIHALUBILO NITO SA MAILAP NA HAYOP.



## MAY MAGAGAWA KA!

**Pabakunahan** ang iyong mga aso at pusa laban sa rabies at tanungin ang iyong beterinaryo tungkol sa bakuna laban sa rabies para sa iba pang hayop na pag-aari mo. Ang pagpapanatili ng kaligtasan ng mga hayop mula sa rabies ay pumoprotekta sa hayop pati na rin sa mga taong nakapaligid sa kanila. Ipinag-uutos ng batas ng Virginia na bakunahan ang mga aso at pusa laban sa rabies.

Kung ang iyong alaga ay inatake o nakagat ng isang mailap na hayop, **iulat** ito sa inyong lokal na departamento ng kalusugan o sa mga awtoridad sa proteksiyon ng hayop.

**Panatilihin** ang iyong mga hayop sa loob ng inyong bakuran. Huwag hayaang gumala ang mga alaga. Para mabawasan ang pagdagsa ng mga ligaw at mailap na hayop sa inyong bahay, siguraduhing natatakpan nang maayos ang basura at hindi nakakalat ang pagkain ng alaga.

**Huwag** mag-alaga ng mailap na hayop. Huwag lumapit sa mga ligaw na alagang hayop o mailap na hayop.

➤ Kung sa tingin mo ay nangangailangan ng tulong ang isang mailap na hayop, tawagan ang Virginia Department of Wildlife Resources o isang lisensiyadong wildlife rehabilitator para sa gabay (www.dwr.virginia.gov).

➤ Ang mga ligaw na alagang hayop, lalo na kung mukhang may sakit o nasugatan, ay dapat iulat sa mga lokal na awtoridad sa proteksiyon ng hayop.

### PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

**makipag-ugnayan sa inyong lokal na departamento ng kalusugan** o bisitahin ang: www.vdh.virginia.gov/animal-contact-human-health/rabies-control/

*Na-update noong: Setyembre 2025*

VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH



# RABIES AT MGA KAGAT NG HAYOP





## RABIES - MGA KATOTOHANAN

Ang rabies ay isang nakamamatay na sakit na dulot ng virus na umaatake sa nervous system. Halos palaging nakamamatay ito maliban na lamang kung mabibigyan ng pangontrang gamutan **bago lumabas ang mga sintomas. Mahalagang magpatingin agad sa doktor pagkatapos malantad!**

Ang rabies virus ay nasa laway at utak ng mga hayop na may rabies. Maaari itong maipasa sa pamamagitan ng kagat o kapag napunta ang laway o tisyu ng utak sa mga mata, ilong, bibig, o sa bukas na sugat. Hindi naipapasa ang rabies sa pamamagitan ng dugo, dumi, ihi, o simpleng paghaplos sa hayop.

**Maaaring magmukhang normal ang hayop na may rabies. Hindi mo masasabi kung may rabies ang isang hayop sa hitsura lang nito!**

Mga mamalya lang ang nagkakaroon ng rabies. Ang mga ibon, isda, reptilya, at ampibyan gaya ng palaka ay hindi. Kadalasang natutukoy na may rabies ang maiilap na hayop gaya ng raccoon, skunk, at fox. Ang mga pusa ang pinakakaraniwang alagang hayop na natutukoy na may rabies. Ang mga kuneho at rodent (gaya ng squirrel, daga, at bubuwit) ay bihirang dapuan ng rabies.

Maaaring maiwasan ang rabies sa mga pusa, aso, ferret, at ilang hayop sa bukid sa pamamagitan ng bakuna laban sa rabies. Kahit may ginagamit na oral na bakuna laban sa rabies sa inyong lugar bilang bahagi ng programa sa pagkontrol ng rabies sa maiilap na hayop, dapat mo pa ring pabakunahan ang iyong mga alagang hayop laban sa rabies at siguraduhing updated ang kanilang mga bakuna.

**ANG MGA KAGAT** ANG PINAKAKARANIWANG PARAAN NG PAGKALAT NG RABIES!





## ESPESYAL NA PAG-IINGAT SA MGA PANIKI

Bagama't mahalaga ang ginagampanang papel ng mga paniki sa kapaligiran, karamihan sa mga pinakahuling kaso ng rabies sa tao sa U.S. ay dahil sa mga paniki. Para hindi makagat, iwasan ang direktang paghipo sa mga paniki, lalo na sa mga panikíng aktibo sa araw o hindi makalipad.

**Maaaring malantad ang tao sa rabies mula sa mga paniki nang hindi nila alam na sila'y nakagat.** Magpatingin sa doktor kahit walang malinaw na sugat mula sa kagat kung makakita ka ng paniki sa isang silid na may:

- Natutulog na tao
- Batang walang kasama
- Taong may kapansanan sa pag-iisip o katawan
- Lasing

**Ang mga panikíng maaaring nakahawa ng rabies sa tao o hayop ay dapat hulihin nang ligtas para sa posibleng pagsusuri (o hindi pakawalan).** Maaaring ikulong ang mga paniki sa isang kuwarto sa pamamagitan ng pagsasara ng mga bintana at pinto. Mag-ingat kung susubukan mong hulihin ang paniki nang mag-isa: magsuot ng guwantes at gumamit ng lalagyan (gaya ng lata ng kape o kahon) para sakluban ang paniki, pagkatapos ay isingit ang isang piraso ng karton para makulong ang paniki sa loob. Tawagan ang inyong lokal na departamento ng kalusugan para sa payo tungkol sa pagsusuri at medikal na pangangalaga. Makikita ang direktoryo ng lokal na departamento ng kalusugan sa vdh.virginia.gov/local-health-districts/

PUMAPATAY ANG RABIES, **LIBO-LIBONG** TAO SA BUONG MUNDO KADA TAON!

## KUNG IKAW AY NAKAGAT

**Huwag mag-panic**...pero **huwag ding balewalain** ang kagat. Para mabawasan ang posibilidad ng impeksiyon, hugasan nang maigi ang sugat gamit ang sabon at maraming tubig. Bigyan ng paunang lunas gaya ng gagawin mo sa anumang sugat.

**Kung kayang gawin nang ligtas, hulihin o ikulong ang hayop na kumagat sa iyo;** o kung hindi naman, tukuyin ito bago makalayo. Huwag subukang damputin ang hayop. Kung pag-aari ng ibang tao ang hayop, kunin ang pangalan at numero ng telepono o email ng may-ari. Tawagan ang inyong **lokal na departamento ng kalusugan o tanggapan ng proteksiyon sa hayop** para sa karagdagang tagubilin.

**Huwag pinsalain ang ulo** ng anumang hayop na maaaring kailangang suriin para sa rabies. Kakailanganin ang utak para sa pagsusuri.

**Ipaalam agad sa iyong doktor** at ipaliwanag kung paano ka nakagat. Sabihin sa iyong doktor kung ang kagat ay naiulat na sa lokal na awtoridad o hindi pa. Maaaring nais ng iyong doktor na tumawag sa departamento ng kalusugan para talakayin kung kailangan mo nang simulan ang serye ng bakuna laban sa rabies at tutulungan ka rin sa iba pang alalahanin tungkol sa kagat. Ang paggamot sa rabies ay hindi na isinasagawa sa pamamagitan ng iniksiyon sa tiyan. Karamihan ay ibinibigay na sa braso.



**IULAT** ANG KAGAT SA INYONG LOKAL NA DEPARTAMENTO NG KALUSUGAN.